
10

# Araling Panlipunan

## Ikalawang Markahan – Modyul 3:
## Mga Dahilan at Epekto ng Migrasyon




ALTERNATIVE DELIVERY MODE

PAG-AARI NG PAMAHALAAN
HINDI IPINAGBIBILI

**Araling Panlipunan Grade 10**
**Alternative Delivery Mode**
**Ikalawang Markahan- Modyul 3: Mga Dahilan at Epekto ng Migrasyon**
**Unang Edisyon, 2020**

Isinasaad ng **Batas Republika 8293, Seksiyon 176** na "Hindi maaaring magkaroon ng karapatang-sipi sa anomang akda ang Pamahalaan ng Pilipinas. Gayon pa man, kailangan muna ang pahintulot ng ahensiya o tanggapan ng pamahalaan na naghanda ng akda kung ito ay pagkakakitaan. Kabilang sa mga maaaring gawin ng nasabing ahensiya o tanggapan ay ang pagtakda ng kaukulang bayad."

Ang mga akda (kuwento, seleksiyon, tula, awit, larawan, ngalan ng produkto o brand name, tatak o trademark, palabas sa telebisyon, pelikula, atbp.) na ginamit sa modyul na ito ay nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsumikapang matunton ang mga ito upang makuha ang pahintulot sa paggamit ng materyales. Hindi inaangkin ng mga tagapaglathala at mga may-akda ang karapatang-aring iyon. Ang anomang gamit maliban sa modyul na ito ay kinakailangan ng pahintulot mula sa mga orihinal na may-akda ng mga ito.

Walang anomang parte ng materyales na ito ang maaaring kopyahin o ilimbag sa anomang paraan nang walang pahintulot sa Kagawaran.

Inilathala ng Kagawaran ng Edukasyon
Kalihim: Leonor Magtolis Briones
Pangalawang Kalihim: Diosdado M. San Antonio

**Bumuo sa Pagsusulat ng Modyul**

| | | |
|---|---|---|
| Manunulat: | Darwin N. Dela Cruz | |
| Editor: | Jhon Rey D. Ortal | Marilou P. Omotoy |
| | Susan M. Aspili | Marlene C. Castillo |
| | Blesilda B. Antiporda | Mhea Kathrine M. Acdan |
| | Antonniette Joanne A. Savellano | |
| Tagasuri: | Editha T. Giron | Marilou B. Sales |
| | Gina A. Amoyen | Aubrhey Marie R. Oasay |
| | Jackelyn R. Aguinaldo | Eric O. Cariño |
| Tagaguhit: | Eimie Aicytel G. Ramos | Clarence C. Manarpaac |
| Tagalapat: | Darwin N. Dela Cruz | |
| Tagapamahala: | Tolentino G. Aquino | |
| | Arlene A. Niro | Marilou B. Sales |
| | Gina A. Amoyen | Aubrhey Marie R. Oasay |
| | Editha T. Giron | Jhon Rey D. Ortal |

Inilimbag sa Pilipinas ng
Department of Education- Region I
Office Address: Flores St., Catbangen, City of San Fernando, La Union
Telefax: (072) 682-2324; (072) 607-8137
E-mail Address: region1@deped.gov.ph

10

# Araling Panlipunan

## Ikalawang Markahan - Modyul 3: Mga Dahilan at Epekto ng Migrasyon

DEPARTMENT OF EDUCATION

## Paunang Salita

Ang Self-Learning Module o SLM na ito ay maingat na inihanda para sa ating mag-aaral sa kanilang pag-aaral sa tahanan. Binubuo ito ng iba't ibang bahagi na gagabay sa kanila upang maunawaan ang bawat aralin at malinang ang mga kasanayang itinakda ng kurikulum.

Ang modyul na ito ay may inilaang Gabay sa Guro/Tagapagdaloy na naglalaman ng mga paalala, pantulong o estratehiyang magagamit ng mga magulang o kung sinumang gagabay at tutulong sa pag-aaral ng mga mag-aaral sa kani-kanilang tahanan.

Ito ay may kalakip na paunang pagsusulit upang masukat ang nalalaman ng mag-aaral na may kinalaman sa inihandang aralin. Ito ang magsasabi kung kailangan niya ng ibayong tulong mula sa tagapagdaloy o sa guro. Mayroon ding pagsusulit sa bawat pagtatapos ng aralin upang masukat naman ang natutuhan. May susi ng pagwawasto upang makita kung tama o mali ang mga sagot sa bawat gawain at pagsusulit. Inaasahan namin na magiging matapat ang bawat isa sa paggamit nito.

Pinapaalalahanan din ang mga mag-aaral na ingatan ang SLM na ito upang magamit pa ng ibang mangangailangan. Huwag susulatan o mamarkahan ang anumang bahagi ng modyul. Gumamit lamang ng hiwalay na papel sa pagsagot sa mga pagsasanay.

Hinihikayat ang mga mag-aaral na makipag-ugnayan agad sa kanilang guro kung sila ay makararanas ng suliranin sa pag-unawa sa mga aralin at paggamit ng SLM na ito.

Sa pamamagitan ng modyul na ito at sa tulong ng ating mga tagapagdaloy, umaasa kami na matututo ang ating mag-aaral kahit wala sila sa paaralan.



# *Alamin*

Sa panahon ngayon, marami na tayong kakilalang mga kapwa Pilipino na nag-iibayong-dagat. Patuloy ang paglawak ng migrasyon ng mga Pilipino sa ibang bansa. Maraming sanhi ang paglabas ng mga manggagawang Pilipino sa bansang sinilangan. Isa sa mga pangunahing salik nito ay ang malala nang kawalan ng trabaho dahil sa krisis pang-ekonomiya na tinatamasa ng bansa. Ito ay nadagdagan pa dahil sa paglaganap ng nakamamatay na *Corona Virus Infectious Disease* (COVID-19) na nakaaapekto hindi lamang sa Pilipinas kundi sa buong mundo.

Ang modyul na ito ay dinisenyo at isinulat na nakatuon sa iyo. Ito ay ginawa upang tulungan at gabayan kang matutunan ang paksa ukol sa Mga Dahilan at Epekto ng Migrasyon. Nakapaloob sa modyul na ito ang mahalagang kompetensi alinsunod sa *K to 12 Curriculum* ng Kagawaran ng Edukasyon.

**Pinakamahalagang Kasanayang Pampagkatuto**

- Nasusuri ang dahilan at epekto ng migrasyon dulot ng globalisasyon. ***(MELC 3)***

**Pagkatapos mong mapag-aralan ang modyul, inaasahang iyong:**

- nailalahad ang kahulugan ng migrasyon;
- nasusuri ang mga dahilan ng migrasyon;
- nasusuri ang mga epekto ng migrasyon dulot ng globalisasyon; at
- nakapagsasagawa ng isang panayam (*interview*) sa kamag-anak ng isang OFW.



# *Subukin*

Bilang panimula, sagutan ang mga tanong sa ibaba upang mataya ang iyong kahandaan sa paksa. Ito ay makatutulong upang malaman mo ang nilalaman ng modyul na ito.

**Gawain 1: Paunang Pagtataya**

**Panuto:** Basahin at unawaing mabuti ang mga tanong sa ibaba. Isulat ang titik ng tamang sagot sa hiwalay na papel.

1. Ano ang migrasyon?
   A. Tumutukoy sa proseso ng pag-alis o paglipat mula sa isang lugar.
   B. Tumutukoy sa proseso ng pag-alis o paglipat dahil sa kaguluhan ng mga mamamayan.
   C. Tumutukoy sa proseso ng pag-alis o paglipat dulot ng mga hindi inaasahang pangyayari sa lugar na pinagmulan.
   D. Tumutukoy sa proseso ng pag-alis o paglipat mula sa isang lugar o teritoryong politikal patungo sa isang lugar pansamantala man o permanente.

2. Anong bansa ang may pinamakaraming migranteng Pilipino?
   A. Canada
   B. Malaysia
   C. Saudi Arabia
   D. United States of America

3. Sino ang pangunahing naaapektuhan kapag nangibang-bansa ang parehong mga magulang?
   A. Mga anak
   B. Mga kapitbahay
   C. Mga kamag-anak
   D. Mga alagang hayop

4. Ano ang katuturan ng akronim na OWWA?
   A. Overseas Workers Welfare for All
   B. Overseas Workers Welfare Authority
   C. Overseas Workers Welfare Administration
   D. Overseas Welfare of Workers Administration

5. Anong suliranin ang tumutukoy sa kondisyon ng tao kung saan mayroon siyang kakulangan sa mga pangunahing pangangailangan na nag-uudyok sa mga tao upang mandarayuhan?
   A. Kahirapan
   B. Katiwalian
   C. Polusyon
   D. Prostitusyon

6. Ano ang maaaring maging epekto kapag nagdagsaan ang mga tao sa mga lungsod?
   A. Paglobo ng populasyon sa mga lungsod
   B. Pagbaba ng populasyon sa mga lungsod
   C. Pananatili ng populasyon sa mga lungsod
   D. Pagdomina ng mga taga-probinsiya sa mga lungsod

7. Sino ang mga binansagang "*economic migrants*"?
   A. Iyong mga naiwang miyembro ng pamilya ng mga *OFWs*.
   B. Iyong mga tumakas mula sa kanilang bansa dahil sa matinding karahasan o di kaya ay kaguluhan.
   C. Iyong mga naghahanap ng mas magandang pagkakataon upang mapaunlad ang kanilang kabuhayan.
   D. Iyong mga eksperto na mas piniling mangibang-bansa dahil sa kawalan ng oportunidad sa bansang pinagmulan.

8. Ang mga Ilocano ang may pinakamalaking bilang ng migrante sa Hawaii – karamihan sa kanila ay pinetisyon ng mga unang Ilocano na nanirahan doon. Anong dahilan ng migrasyon ang inilalarawan dito?
   A. Paglayo o pag-iwas sa kalamidad
   B. Panghihikayat ng mga kamag-anak
   C. Pagnanais na makaahon mula sa kahirapan
   D. Paghahanap ng payapa at ligtas na lugar na matitirhan

9. Alin sa mga sumusunod na kalagayan ang di-mabuting bunga ng migrasyon sa mga papaunlad na bansa gaya ng Pilipinas?
   A. *Brain Drain*
   B. *Economic Migration*
   C. *Integration*
   D. *Multiculturalism*

10. Ano ang maaaring maging negatibong epekto sa mga anak kung ang parehong magulang ay nasa ibang bansa?
    A. Ang mga anak ay maaaring mapariwara dahil sa kawalan ng oras ng mga magulang.
    B. Mapahahalagahan ng mga anak ang lahat ng sakripisyo ng kanilang mga magulang para sa kanila.
    C. Ang mga anak ay makapagtatapos ng pag-aaral dahil sapat ang pangangailangang pinansiyal.
    D. Masisiguro ang magandang kinabukasan ng mga anak dahil sa pagsusumikap ng mga magulang na nasa ibang bansa.

11. Alin sa sumusunod ang maaaring maranasan ng ating mga kababayan sa kanilang pagtatrabaho sa ibang bansa?
    A. Diskriminasyon
    B. *Sexual exploitation*
    C. Parehong A at B
    D. Wala sa A at B

12. Lahat ng sumusunod ay mga dahilan ng pangingibang-bansa ng mga Pilipino maliban sa isa. Alin dito ang hindi kabilang sa pangkat?
    A. Kawalan ng oportunidad sa Pilipinas.
    B. Maki-uso sa mga kakilalang nangibang-bansa.
    C. Manirahan kasama ang mga mahal sa buhay sa ibang bansa.
    D. Mas magandang trabaho at mas mataas na sahod sa ibang bansa.

13. Mababa lamang ang tinapos ni Maria kaya napilitan siyang mamasukan bilang isang *domestic helper* sa Singapore. Ito ay bunsod ng kadahilanang wala siyang mapasukang trabaho sa Pilipinas dahil sa mababang kwalipikasyon. Alin sa mga dahilan ng migrasyon ang naglalarawan sa kalagayan ni Maria?
    A. Pumunta sa bansa o lugar na pinapangarap.
    B. Makaranas ng pamumuhay sa lungsod o sa mga *urban areas*.
    C. Panghihikayat ng mga kamag-anak na matagal ng naninirahan sa ibang bansa.
    D. Magkaroon ng trabaho dahil walang mapasukang trabaho sa bansang pinagmulan.

14. Daan-daang pamilya ang nasa *gymnasium* ng lungsod dahil sa pinangangambahang pag- *landfall* ng Bagyong Domeng sa loob ng 48 oras. Alin sa sumusunod ang inilalarawang dahilan ng migrasyon sa ibinigay na sitwasyon?
    A. Lumayo o umiwas sa kalamidad.
    B. Pumunta sa bansa o lugar na pinapangarap.
    C. Magandang oportunidad gaya ng kabuhayan at kita.
    D. Makaranas ng pamumuhay sa lungsod o *urban areas*.

15. Kamakailan ay naging laman ng pandaigdigang balita ang paglusob ng mga makakaliwang grupo sa lungsod ng Marawi. Ano ang ugnayan ng paglusob ng mga grupong ito sa migrasyon?
    A. Ang mga tao ay umiiwas sa kalamidad kaya nangyayari ang migrasyon.
    B. Ang mga tao ay walang mapasukang trabaho kaya nangyayari ang migrasyon.
    C. Ang mga tao ay nakakaranas ng malnutrsiyon kaya nangyayari ang migrasyon.
    D. Ang mga tao ay naghahanap ng payapang lugar kaya nangyayari ang migrasyon.



Napakahusay ng iyong pagsagot sa mga tanong! Ito ay nagpapatunay lamang na ikaw ay handa nang sumabak sa isang mapanghamon ngunit masayang talakayan sa mga nakapaloob sa modyul na ito. Handa ka na ba? Tara!

# Aralin 3

# Mga Dahilan at Epekto ng Migrasyon

Marami sa atin ang nangangarap na pumunta sa ibang lugar – sa Maynila dito sa Pilipinas kung ikaw ay taga-probinsiya o sa ibayong-dagat upang magtrabaho o manirahan. Sinasabing migrasyon ang tawag sa pagpunta o pagdayo ng isang tao sa ibang lugar. Sa pananaw ng maraming Pilipino, talagang isang oportunidad ito para sa kanila. Ito ay maaaring makapaghatid ng maraming benepisyo kagaya ng mas maraming oportunidad at mas mataas na sahod. Ngunit sa kabila ng maraming maganda at mabuting epekto nito, may nakaabang din itong masamang resulta o panganib sa buhay.




## *Balikan*

Sa bahaging ito, iyong babalikan ang mga dating kaalaman at pag-unawa tungkol sa migrasyon. Simulan mo ito sa pamamagitan ng pagtupad sa gawain na nasa ibaba.

**Gawain 2. Picture, Picture!**

**Panuto:** Tingnan at suriing mabuti ang larawan sa ibaba. Ibahagi ang iyong kaalaman at pag-unawa ukol dito. Isulat ang sagot sa isang buong papel.






Naging mahusay ang iyong simula! Nakatitiyak ako na magpapatuloy pa ang iyong pag-unlad sa mga susunod na gawain. Ipagpatuloy ang iyong nasimulan.

## *Tuklasin*

Magandang magsimula tayo sa pamamagitan ng pag-alam sa kahulugan ng salitang migrasyon kung saan ito ang paksang ating pagtutuunan ng pansin sa modyul na ito. Magsimula na tayo!

Ang **migrasyon** ay tumutukoy sa proseso ng pag-alis o paglipat mula sa isang lugar o teritoryong politikal patungo sa iba pa maging ito man ay pansamantala o permanente. Ang mga sanhi ng pag-alis o paglipat ay kalimitang nag-uugat sa ilang dahilan gayundin ang mga epekto nito.

Dalawa ang uri ng migrasyon ng mga tao. Ito ay maaaring panloob o panlabas. Ang panloob na migrasyon *(internal migration)* ay ang migrasyon sa loob lamang ng bansa. Maaaring magmula ang tao sa isang bayan, lalawigan o rehiyon patungo sa ibang lugar. Migrasyong panlabas *(international migration)* naman ang tawag kapag lumipat na ang mga tao sa ibang bansa upang doon na manirahan o mamalagi nang matagal na panahon. Migrante ang tawag sa mga taong lumilipat ng lugar at sila ay nauuri sa dalawa – and pansamantala *(migrant)* at pampermanente *(immigrant).*

Kagaya ng nabanggit, ang panloob na migrasyon ay nangyayari sa loob ng bansa. Ayon sa mga pananaliksik, ang migrasyon sa kulturang Pilipino ay nagsimula sa paglipat o pagdayo ng mga mamamayang taga-baryo patungong lungsod. Ang mga anak ay dumadayo sa lungsod upang makapag-aral sa mas magagandang paaralan o unibersidad hanggang sila ay makahanap ng trabaho sa lungsod. Ang gawaing ito ay naging bahagi na ng kulturang Pilipino at naipagpatuloy hanggang sa kasalukuyan.

Samantala, ang panlabas na migrasyon ay nangyayari kapag ang isang tao ay lumilipat ng ibang bansa upang manirahan o magtrabaho. Maraming nangingibang-bayan upang makahanap ng trabaho na may mas mataas na sahod. Sa kasalukuyan, marami sa ating mga kababayan ang nagtatrabaho sa ibayong-dagat. Sila ay tinatawag na Overseas Filipino Workers (OFW). May ilan ding permanente nang naninirahan sa ibang bansa kasama ng kanilang mga pamilya doon.

**Gawain 3. Loob o Labas?!**

**Panuto:** Uriin ang sumusunod na sitwasyon kung ito ay panloob na migrasyon o panlabas na migrasyon. Gawin ito sa hiwalay na papel.

1. Namamalagi si Eron sa bahay ng kanyang tita sa Laoag magmula nang lumipat siya galing Maynila.
2. Namasukan bilang kasambahay si Aling Maring sa *mansion* ng mga Ortega sa Cavite.
3. Isinakatuparan ni Aaron ang kanyang pangarap na magtrabaho sa Canada buhat nang siya ay maging isang ganap na inhinyero.
4. Nag-*cross country* si Lena buhat sa Malaysia patungong London.
5. Umuwi na lamang sa Cotabato si Jayson buhat sa Tondo nang masunog ang tinitirhang bahay doon.
6. Hindi na pinalampas pa ni Christian ang pagkakataong makapag-aral sa isang sikat na pamantasan sa Maynila nang makuha siya bilang *varsity player* sa nasabing unibersidad.
7. Wala ng nagawa pa si Mary Ann nang kunin siya ng kanyang mga magulang sa California mula sa Vigan.
8. Pumunta sa Thailand ang magkakaibigang Simon, Anton at Marlon upang pag-aralan ang kalakaran ng *plastic surgery* doon.
9. Nabigyan ng *scholarship grant* si Marvin para sa isang *short course* sa isang kilalang *culinary school* sa California.
10. Piniling magkolehiyo ni Alex sa Lungsod ng Baguio dahil sa malamig na klima doon.



Matapos matiyak ang iyong inisyal na kaalaman tungkol sa aralin, ngayon naman ay lilinangin at palalawakin ang mga kaalamang ito sa tulong ng mga tekstong inihanda upang maging batayan mo ng impormasyon. Magpatuloy na tayo!



# *Suriin*

## Paksa 1: Migrasyon

Hindi na bago ang migrasyon o pandarayuhan. Simula pa lamang ng pagsibol ng kabihasnan ay malimit na ang pagdayo ng tao tungo sa mga lugar na magbibigay sa kanya ng pangangailangan maging ito man ay sa usaping pangkabuhayan o pang-ekonomiko, seguridad o pampolitikal o maging personal.

Higit na naging mabilis ang pandarayuhan sa kasalukuyan kung ihahambing sa nagdaang mga panahon. Sa katunayan, ang paggalaw ng mga tao sa loob at labas ng bansa ay masalimuot kung pagtutuunan ng pansin ang dahilan, *patterns* at epekto nito sa lugar na iniwan, pinupuntahan at binabalikan.

Sa pag-aaral ng migrasyon partikular ng *international migration* ay mahalagang maunawaan ang ilang termino o salitang madalas gamitin sa disiplinang ito. Una na rito ay ang pagkakaiba ng *flow* at *stockfigures*. Ang *flow* ay tumutukoy sa dami o bilang ng mga nandarayuhang pumapasok sa isang bansa sa isang takdang panahon na kadalasan ay kada taon. Madalas ditong gamitin ang mga salitang *inflow, entries* o *immigration*. Kasama din dito ang bilang ng mga taong umaalis o lumalabas ng bansa na madalas tukuyin bilang *emigration*, *departures* o *outflows*. Kapag ibinawas ang bilang ng umalis sa bilang ng pumasok nakukuha ang tinatawag na *net migration*. Samantala, ang *stockfigure* ay ang bilang ng nandayuhan na naninirahan o nananatili sa bansang nilipatan. Mahalaga ang *flow* sa pag-unawa sa *trend* o daloy ng paglipat o *mobility* ng mga tao habang ang *stock* naman ay makatutulong sa pagsusuri sa matagalang epekto ng migrasyon sa isang populasyon.



Isang ngiti naman diyan! Paakyat pa lang tayo at malayo pa ang iyong lalakbayin. Nawa ay nasisiyahan at natututo ka. Samantala, dumako na tayo sa mga dahilan o sanhi ng migrasyon.

## Paksa 2: Mga Dahilan o Sanhi ng Migrasyon

Narito ang mga sanhi o dahilan ng migrasyon:

A. ***Push-factor* na dahilan** - Mga negatibong salik na nagiging dahilan ng migrasyon

1. Paghahanap ng payapa at ligtas na lugar na matitirhan




Walang sinoman ang nagnanais na tumira sa isang magulong lugar na maaaring magdulot ng panganib sa kanya. Maraming mga tao ang napipilitang lumipat ng lugar na matitirhan dahil sa mga hindi magagandang nangyayari sa kanilang lugar na pinagmulan. Nais nilang takasan ang kaguluhan na maaaring magdulot ng kapahamakan o banta sa kanilang buhay at ari-arian. Isang halimbawa nito ay ang pag-alis ng mga mamamayan ng Marawi noong kasagsagan ng pananalakay ng Maute Group doon.

Libu-libo sa ating mga kababayan sa Lungsod ng Marawi ang umalis ng lungsod. Sa tantiya ng pamahalaan, umabot sa 200, 000 na residente ang umalis sa Marawi. Humigit-kumulang 70 bahagdan sa mga ito ang pansamantalang nanirahan sa mga *government shelters* na matatagpuan sa Iligan, Cagayan de Oro at Lanao del Norte noong Mayo 2018. Sa ulat naman ng United Nations, umabot sa 2, 500 na mga katutubong Lumad ang umalis noong Disyembre 2017.

Noong Mayo 2018, 70 bahagdan ng mga residente ng Marawi ang nakabalik na sa lungsod. Sa ulat na inilabas ng Department of Social Welfare and Development (DSWD), 64, 364 na pamilya ang nakauwi na sa lungsod noong Hulyo 2018.

2. Paglayo o pag-iwas sa kalamidad



Hindi maikakaila na ang Pilipinas ay daanan ng mga bagyo at iba pang kalamidad. Sa mga panahong ito, nangyayari ang paglikas sa mga taong nasasalanta ng kalamidad. Naiiwan doon ang kanilang mga bahay at ari-arian, maging ang mga alagang hayop. Ang mahalaga, ang mga taong ito ay napupunta sa mas ligtas na lugar na tinatawag na *evacuation centers.*

3. Pagnanais na makaahon mula sa kahirapan




Ang kahirapan ay isa sa mga problemang kinakaharap ng maraming Pilipino. Ito ay tumutukoy sa kondisyon ng tao kung saan mayroon siyang kakulangan sa mga pangunahing pangangailangan tulad ng pagkain, tubig, maayos na tirahan, damit at iba pa. Dahil sa kahirapan, kadalasang napagkakaitan ang mga mahihirap ng oportunidad sa buhay. Subalit, para naman sa iba nating kababayan, ang kahirapan ay isang hamong kailangan nilang labanan. At isa sa mga paraan upang makaahon mula sa pagkakasadlak sa kahirapan sa buhay ay ang pakikipagsapalaran sa ibang lugar o bansa. Maraming Pilipino ang naghahanap ng trabaho sa ibang lugar sa Pilipinas o sa ibang bansa upang hanapin ang magandang kapalaran sa bansa o lugar na kanilang pupuntahan. Ito ay makatutulong para sa kanila at sa kanilang mga pamilya upang makaahon mula sa kahirapan sa buhay.

B. ***Pull-factor* na dahilan** - Positibong salik na dumarayo dahil sa sumusunod na dahilan:

1. Pumunta sa pinapangarap na lugar o bansa




Maraming Pilipino ang nangangarap na manirahan sa mga kalunsuran gaya ng Metro Manila. Ito ay talaga namang pangarap ng marami sa mga taga-probinsiya. Nagkakaroon ng konotasyon na higit na maganda ang buhay sa mga lungsod kaysa sa probinsiya dahil sa paniniwalang mas mataas ang antas ng pamumuhay doon dahil sa kaunlarang tinatamasa sa mga lugar na ito.

Samantala, marami rin sa ating mga kababayan ang nangangarap na pumunta sa bansang nais marating o yaong tinatawag na "*dream country*." Marami sa atin ang nangangarap na maranasan ang malamig na klima sa Estados Unidos, umakyat sa Eifel Tower sa France, maglakad sa Dakilang Pader ng Tsina o di kaya ay pumunta sa Korea upang makita ang mga iniidolong Black Pink o BTS. Maaaring ito ay isang uri ng luho subalit para sa iba, lalo na ang mga may-kaya sa buhay, ito ay isang pagkakataon upang maglibang at makapag-*relax*.

Table 1. Urban Population and Level of Urbanization by Region: 2007 and 2010

| **Region** | **Urban Population** | | **Level of Urbanization** | |
|---|---|---|---|---|
| | **2007** | **2010** | **2007** | **2010** |
| NCR | 11, 566, 325 | 11, 855, 975 | 100.0 | 100.0 |
| CAR | 298, 138 | 424, 771 | 19.6 | 26.3 |
| I | 529, 071 | 600, 945 | 11.4 | 12.7 |
| II | 268, 478 | 373, 407 | 8.8 | 11.6 |
| III | 4, 685, 251 | 5, 232, 569 | 48.3 | 51.6 |
| IV-A | 6, 404, 376 | 7, 526, 882 | 54.5 | 59.7 |
| IV-B | 465, 040 | 612, 615 | 18.2 | 22.3 |
| V | 647, 814 | 831, 380 | 12.7 | 15.3 |
| VI | 2, 205, 530 | 2, 466, 109 | 32.2 | 34.7 |
| VII | 2, 556, 309 | 2, 969, 340 | 39.9 | 43.7 |
| VIII | 222, 692 | 358, 405 | 5.7 | 8.7 |
| IX | 1, 026, 456 | 1, 156, 754 | 31.8 | 33.9 |
| X | 1, 512, 087 | 1, 773, 032 | 38.3 | 41.3 |
| XI | 2, 254, 933 | 2, 649, 039 | 54.2 | 59.3 |
| XII | 1, 645, 509 | 1, 911, 253 | 43.0 | 46.5 |
| ARMM | 731, 183 | 446, 246 | 17.7 | 13.7 |
| CARAGA | 569, 399 | 666, 849 | 24.8 | 27.5 |

Pinagkunan: www.psa.gov.ph

Table 2. 2016 Household Survey on Domestic Visitors
(Outbound Travel)

| **Rank** | **Country** |
|---|---|
| 1 | China (including HongKong) |
| 2 | Malaysia |
| 3 | Japan |
| 4 | United States of America |
| 5 | Singapore |

Pinagkunan: Philippine Statistics Authority

2. Magandang oportunidad gaya ng trabaho at mas mataas na kita

Isang katotohanan na mas marami ang trabahong naghihintay sa mga mas mauunlad na lugar o bansa kaysa sa mga mahihirap at papaunlad na bansa. Ito ay tinitignang dahilan kung bakit umaalis ng lugar ang ilan nating kababayan. Ang kawalan ng trabaho at oportunidad ay nagdudulot ng pag-alis ng ilan nating kababayan na makipagsapalaran sa ibang bansa. Ang mga mayayamang bansa ngunit walang manggagawa ay may malakas na migrasyon mula sa ibang bansa. Sila ay kilala sa tawag na *migrants* o *economic migrants* na tumutulong sa pagpapatatag ng ekonomiya ng bansang kanilang pinanggalingan sa pamamagitan ng *remittances* o perang kanilang ipinapadala sa kanilang mga pamilya dito sa Pilipinas.




Table 3. Top 10 Destinations/Countries of Overseas Filipino Workers (2013)

| Rank | Country | Filipino Migrants |
|---|---|---|
| 1 | United States of America | 3, 535, 676 |
| 2 | Saudi Arabia | 1, 028, 802 |
| 3 | United Arab Emirates | 822, 410 |
| 4 | Malaysia | 793, 580 |
| 5 | Canada | 721, 578 |
| 6 | Australia | 397, 982 |
| 7 | Italy | 271, 946 |
| 8 | United Kingdom | 218, 126 |
| 9 | Qatar | 204, 550 |
| 10 | Singapore | 203, 243 |

Pinagkunan: 2014 CFO Conpendium of Statistics

Table 4. Highest Paying Countries of Deployment

| Country | Highest Paid Jobs | Salary (in US dollar) |
|---|---|---|
| United Arab Emirates | Healthcare | 5, 093.84 |
| Qatar | Aviation | 4, 207.55 |
| Canada | Healthcare | 3, 461.15 |
| New Zealand | Healthcare | 3, 461.15 |
| United Kingdom | Healthcare | 3, 076.15 |
| Singapore | Engineering | 2, 768.52 |
| Saudi Arabia | Public Relations | 2, 768.52 |
| Macau | Engineering | 2, 383.95 |
| Bahrain | Architecture | 2, 267.53 |
| Oman | Customer Service | 1, 905.83 |

Pinagkunan: https://www.rappler.com/move-ph/balikbayan/153366-overseas-salary-report-2016

3. Panghihikayat ng mga kamag-anak na matagal nang naninirahan sa ibang bansa




Sinasabing nagkalat ang mga Pilipino saanman sa mundo. Maraming pamilyang Pilipino ang matagal nang naninirahan sa ibang bansa. Dahil dito, nagnanais din silang makuha ang kanilang mga kamag-anak lalung-lalo na ang kanilang mga anak upang manirahan doon. Halimbawa nito ay ang mga kababayan nating naninirahan sa Hawaii. Sa kasalukuyan, ang Estados Unidos, partikular ang Hawaii ang isa sa mga bansang gustong puntahan ng mga Pilipino.

Batay sa ulat ng Commission on Filipino Overseas (CFO), 912, 324 na Pilipino ang pumunta sa Estados Unidos mula 1981 hanggang 2004. Ito ay bumubuo sa 70 bahagdan ng kabuuang migranteng Pilipino sa buong mundo. Samantala, ang mga Ilocano ang may pinakamalaking bilang na migrante sa Hawaii – karamihan sa kanila ay pinetisyon ng mga unang Ilocano na nanirahan doon. Sa kasalukuyan, ang populasyon ng mga Pilipino sa Hawaii ay nasa 300, 000 o 15% ng kabuuang populasyon ng Hawaii.

4. Pag-aaral sa ibang bansa



Ang pagkakaroon ng isang mataas at matibay na edukasyon ay isang saligan upang mabago ang takbo ng buhay at lipunan tungo sa pagkakaroon ng isang masaganang ekonomiya. May mga pagkakataon na ang isang mag-aaral ay nabibigyan ng pagkakataong makapag-aral sa ibang lugar o bansa sa pamamagitan ng *scholarship programs*. Dito ay higit na nalilinang ang mga angking talento ng isang mag-aaral sapagkat naibibigay ang tama at dekalidad na edukasyon sa kanya. Halimbawa, ang isang mag-aaral mula sa probinsiya ay nakuha bilang isang *varsity player* sa isang malaking unibersidad sa Maynila. Dito ay nalilinang ang kanyang talento bilang isang atleta habang isinasabay ang pag-aaral na kalaunan ay nakakakuha ng diploma buhat sa isang prestihiyosong kolehiyo o unibersidad. Samantala, maaari ding mabigyan ng *scholarship grant* ang isang mag-aaral sa ibang bansa. Kadalasan itong nangyayari sa antas ng kolehiyo, *Graduate School* o *short-term program* lamang. Sinasamantala ng mga mag-aaral na ito ang prebilihiyong makapag-aral sa ibang lugar o bansa.



Naka-*relate* ka ba sa mga dahilan o sanhi ng migrasyon? Siguro ay napaisip ka rin na balang araw ay pupunta ka rin sa ibang bansa. Hmmmm…

Muli, binabati kita! Alam ko kayang kaya mo pang ipagpatuloy ang paggawa sa mga gawain sa modyul – may tiwala ako sa 'yo!



# Pagyamanin

**Gawain 4: Kwento ng Inspirasyon**

Maliwanag na tinalakay sa modyul na ito ang kahulugan at mga dahilan o sanhi ng migrasyon. Maliwanag ba sa iyo ang lahat ng natalakay? Ngayon, basahin ang kwento ng isa nating kababayan na nangarap at nakipagsapalaran sa ibang bansa.

Taong 1992 nang makipagsapalaran si Martin Ramos bilang Overseas Filipino Worker sa Saudi Arabia. Pagkaraan ng ilang taon bilang empleyado ng isang *travel agency*, natutunan niya ang kalakaran ng nasabing negosyo at kalaunan ay itinatag niya ang kanyang sariling *travel agency* na tinawag niyang InterContinental Travel. Bilang isang matagumpay na OFW, hindi nawala sa kanya ang pagmamalasakit at pagtulong sa mga kapwa niya OFW sa Saudi Arabia. Ibinabalik ni Ramos sa kapwa ang nakamit na biyaya sa paraan ng pagtulong sa mga *distressed* OFW, pagkakaloob ng trabaho sa mga kababayan at nagbibigay-kasiyahan sa mga naho-homesick na OFW. Bukod dito, nagbibigay din siya ng diskwento sa presyo ng pamasahe sa mga kababayan at ang mabilis na pagkumpirma ng kanilang *flight schedule*. Para sa kanya, lahat ng timatamasang tagumpay ay bunga ng sipag, tiyaga at malakas na pananampalataya sa Diyos. Umaasa siya na mas marami pang OFW ang magtatagumpay din gaya niya.

Ngayon, sagutin ang sumusunod na pamprosesong tanong sa isang buong papel:

1. Batay sa teksto, alin sa mga dahilan ng migrasyon ang nag-udyok kay Martin Ramos na pumunta sa Saudi Arabia? Pangatwiranan.
2. Anu-ano ang mga katangiang taglay ni Martin Ramos na nagdala sa kanya sa tagumpay? Ipaliwanag ang bawat isa.
3. Ano ang pangunahing aral na mapupulot sa teksto na may kinalaman sa pamamalagi ng mga Pilipino sa ibang bansa? Ipaliwanag ang sagot.




Mahusay ang iyong mga sagot. Ito ay nagpapatunay lamang na nagiging mabisa na ang iyong pagkaunawa sa konsepto ng migrasyon. Ngayon, dumako naman tayo sa mga epekto ng migrasyon.

**Paksa 3: Mga Epekto ng Migrasyon**

Bilang isang isyung pang-ekonomiko, maraming mga epekto ang migrasyon. Ito ay ang mga sumusunod:

1. Pagbabago ng Populasyon




Ang pagkakaroon ng napakataas at napakababang populasyon ay may tuwirang epekto sa migrasyon. Sa mga bansang mabilis tumaas ang populasyon, lalo na sa mga mahihirap na bansa, tinataasan ang buwis na ipinapataw sa mga mamamayan para sa mga serbisyo ng pamahalaan. Dahil dito, marami sa mga mamamayan ang pinipiling mangibang-bansa. Sa kabilang dako, malugod namang tinatanggap ang mga migrante sa mayayamang bansang nakararanas ng pagbaba ng populasyon o pagtanda ng populasyon (*population decline and ageing*).

Ngunit nagiging suliranin din ito kung hindi kayang suportahan ng ekonomiya ang pagdami ng populasyon. May mga naulat na kaso kung saan pinabalik ng mga bansa ang mga migrante sa kanilang pinagmulan dahil sa krisis sa ekonomiya. Ito ang nangyari sa Nigeria noong 1983 kung saan sapilitan nilang pinaalis ang 2 milyong migranteng karamihan ay mula sa Ghana. At noong 2008, mahigit 350, 000 migrante ang pinauwi ng Estados Unidos at 300, 000 migrante ang pinauwi naman ng South Africa mula sa kanilang bansa.

2. Pagtaas ng kaso ng paglabag sa karapatang-pantao




Ayon sa International Organization for Migration, umaabot sa milyun-milyong migrante ang walang kaukulang papeles taun-taon. Ang mga migranteng ito ay nahaharap sa mapanganib na mga paglalakbay, pang-aabuso ng mga ilegal na *recruiter* at *smuggler*, mahirap na kondisyon ng pamumuhay at kawalan ng suporta pagtapak nila sa ibang lupain. Dahil na rin sa kanilang ilegal na kalagayan, takot din silang humingi ng tulong sa pamahalaan kapag nakaranas sila ng mga pang-aabuso.

Ang isa sa malalaking pagbabago sa migrasyon nitong nakaraang 50 taon ay ang pagdami ng kababaihang migrante. Higit na madalas na naaabuso ang mga babaeng manggagawa kaysa sa mga lalaki. Karamihan sa mga kababaihang migrante ay napipilitang magtiis sa mga trabahong mababa ang sahod at hindi ipinagtatanggol ng batas, kabilang na ang pagiging kasambahay o *domestic worker*. Mas malala pa rito, sila rin ang target ng *human trafficking*, lalo na ng *sexual exploitation* na isang napakalaking negosyo. Ang mga babaeng nabibiktima ng *human trafficking* ay nalalantad sa karahasang sekswal (sexual violence) at mga sakit gaya ng *Sexually Transmitted Diseases* (STDs) subalit kulang naman ang naiaabot sa kanilang serbisyong medikal at legal.

Sa pagdami ng mga Pilipino sa ibang bansa, kasabay ring lumalaganap ang mga samahan o organisasyon sa iba't ibang bahagi ng daigdig. Ayon sa tala ng *Overseas Workers Welfare Administration* (OWWA), higit sa 4, 000 samahan ng mga Pilipino ang nakakalat ngayon sa iba't ibang bansa. Karamihan sa mga ito ay masigasig na tumutulong sa mga kapwa OWFs na nahaharap sa iba't ibang suliranin. Sila rin ay aktibo sa pagtulong sa Pilipinas sa pamamagitan ng pagsuporta sa pagpapatayo ng mga paaralan, simbahan at pagbibigay ng tulong sa mga mahihirap nating kababayan.


3. Negatibong implikasyon sa pamilya at pamayanan



Ang pangingibang-bansa ng mga OFW ay may epekto sa kanilang mga naiwang pamilya, lalo na sa kanilang mga anak. Nangungulila ang mga anak at naiiwan sa pangangalaga ng ibang kaanak. Ang pagkakaroon ng matibay na ugnayan ng *extended family* o mga kaanak ay nakatutulong upang masiguro ang mabuting pagpapalaki sa kabataan kahit na malayo ang kanilang mga magulang.

Sa kulturang Pilipino, ang ama ang nakasanayan na punong tagapaghanap-buhay samantalang ang ina ang siyang tagapangalaga ng asawa at mga anak. Subalit nagbabago na ang papel na kanilang ginagampanan sa mag-anak sa gitna ng isyu ng migrasyon. Sa kaso ng mga amang OFW, ang kanilang naiwang maybahay ay natututong mag-isang magtaguyod ng pamilya. Siya ang pangunahing nagdedesisyon at nag-aasikaso sa buong mag-anak at nangangasiwa sa badyet ng pamilya. Kung ang ina naman ang OFW, and ama ay natututong mangalaga sa mga anak at mga nakatatandang miyembro ng pamilya. Tinatawag itong *househusband*.

4. Pag-unlad ng Ekonomiya




Malaki ang naitutulong ng mga OFW sa pagpapalago ng ekonomiya ng Pilipinas. Ang kanilang mga *remittance* o ipinapadalang pera sa kanilang pamilya ay nagsisilbing *capital* para sa negosyo. Napakarami na ring mga OFW ang nakapag-ahon sa kanilang pamilya sa kahirapan at nakapagpatapos sa kanilang mga anak sa pag-aaral.

Ayon sa datos na naitala ng Philippine Statistics Authority, na dati ay National Statistics Authority noong taong 2012, ang perang ipinadala ng mga migrante papunta sa mga papaunlad na bansa (*developing countries*), kabilang na ang Pilipinas ay umabot sa $406 bilyon. Mas mataas ito ng 6.5 porsyento sa tala noong 2011. Kung idaragdag dito ang *remittance* papunta sa mga mayayamang bansa, ang kabuuang padala ng mga migrante sa kanilang bayan ay aabot sa $534 bilyon noong 2012. May posibilidad pang doble ng kabuuang halaga dahil mayroon pang mga naipadala na hindi naisama sa datos.

Sa pangkalahatan, malaki ang ambag ng mga OFW sa pag-unlad ng ekonomiya ng bansa. Sa kasalukuyan, patuloy pa ang pagtaas ng *remittance* ng mga migrante na lubos na nakatutulong sa pag-unlad ng ating ekonomiya. Sa ilang bansa pa nga, mas mataas pa ito kaysa sa ibinibigay na tulong mula sa ibang bansa (*foreign assistance).* Ang kanilang kontribusyon ay binibigyang halaga tuwing buwan ng Disyembre kung saan ipinagdiriwang ang Month of Overseas Filipinos alinsunod sa International Migrants Day. Dito ay tinatawag silang mga bagong bayani.

5. *Brain Drain*




Ang isa pang epekto ng migrasyon ay ang tinatawag na "*brain drain*" kung saan matapos makapag-aral sa Pilipinas ang mga eksperto sa iba't ibang larangan ay mas pinipili nilang mangibang-bansa dahil sa mas magandang oportunidad na naghihintay sa kanila. Dahil dito, hindi na sila nakatutulong o nakapagsisilbi sa sariling bayan. Sa isang papaunlad na bansa gaya ng Pilipinas, kailangan ng mga eksperto at manggagawang may sapat na kasanayan at kaalaman upang maisulong ang ekonomiya. Kung patuloy ang pangingibang-bansa ng ating mga mahuhusay na manggagawa, nauubos ang ating lakas-paggawa na maaaring humantong sa ilang suliraning pang-ekonomiya gaya ng pagbaba sa bilang nga mga kwalipikadong aplikante at manggagawa. Sa kabilang banda, ang *brain drain* naman ay nakatutulong sa bansang pinupuntahan ng mga manggagawa at migrante sapagkat nadaragdagan ng mga kwalipikadong manggagawa ang kanilang bansa na nakatutulong sa higit pang pag-unlad ng kanilang ekonomiya.

6. *Integration* at *Multiculturalism*



Sa pagdagsa ng mga migrante sa ibang bansa, ang destinasyon o tumatanggap na bansa ay nahaharap sa hamon ng integrasyon (*integration*) at *multiculturalism*. Ilan sa mauunlad na bansa sa Europa na madalas pinupuntahan ng mga migranteng Pilipino ay mayroong polisiya ukol dito. Halimbawa sa Italy, mayroon silang "batas sa seguridad" o *legge sulla sicurezza*. Layunin nito ang magkaroon ng maayos na integrasyon ng mga dayuhan sa Italy at magandang relasyon ng mga Italyano at mga dayuhan dito. Ito rin ay naaayon sa Saligang Batas ng Italy at pagtupad sa tunay na pakikilahok ng mga dayuhan sa mga gawaing pang-ekonomiya, panlipunan at pangkultura. Sa madaling salita, ang mga migrante ay maluwag na tinatanggap bilang bahagi ng kanilang pamayanan.

Sa kabilang dako naman, gumawa ng isang pag-aaral ang Oxford University tungkol sa *multiculturalism*. Dito ay sinabi nilang ang *multiculturalism* ay isang doktrinang naniniwala na ang iba’t ibang kultura ay maaaring magsama-sama nang payapa at pantay-pantay sa isang lugar o bansa. Binibigyang-diin dito ang kahalagahan ng pakikiisa ng mga migrante sa mga institusyon sa lipunan, kabilang ang *labor market* at edukasyon, habang malaya nilang natatamasa ang karapatang magamit ang sariling wika, maipagpatuloy ang relihiyon at makabuo ng mga komunidad. Subalit kung tutusin, maaaring makaranas ng diskriminasyon ang ating mga kababayan sa ibang bansa lalo na mula sa kamay ng mga tinaguriang “*racists*” na naniniwalang higit na nakaaangat ang lahing kanilang pinagmulan at kinabibilangan. Ang diskriminasyon dahil sa lahi ay maaaring mangyari sa antas ng institusyon o sistema, mula sa mga pang-araw-araw na patakaran at mga istruktura na hindi naman talaga sinasadya o dinisenyo upang magdiskrimina. Ibig sabihin nito, kahit na hindi mo balak na gawin, ang iyong “normal na paraan ng paggawa ng mga bagay” ay maaaring may negatibong epekto sa mga taong kinapopootan dahil sa lahi.



Ngayon, alam mo na ang iba’t-ibang epekto ng migrasyon. Kanina ay tinanong kita kung napapaisip ka bang pumunta rin sa ibang bansa balang araw. Ngayong, alam mo na ang mga epekto ng migrasyon, mangingibang-bansa ka pa rin ba?

**Gawain 5: *Thumbs-up* o *Thumbs-down***

**Panuto:** Uriin ang mga epekto ng migrasyon kung ito ba ay mabuting epekto o di-mabuting epekto. Iguhit ang simbolong *thumbs up* kung ito ay mabuting epekto at *thumbs down* naman kung ito ay di-mabuting epekto. Sumulat ng maikling paliwanag sa ginawang pag-uuri. Gawin ito sa hiwalay na papel.

1. Pagbabago ng populasyon
2. Pagtaas ng kaso ng paglabag sa karapatang-pantao
3. Negatibong implikasyon sa pamilya at pamayanan
4. Pag-unlad ng ekonomiya
5. *Brain drain*
6. *Integration* at *multiculturalism*



Ang iyong mga sagot sa gawain ukol sa mga epekto ng migrasyon ay batay sa iyong sariling interpretasyon at pag-unawa. Kailangang lubusang madama mo pa ang konsepto ng migrasyon. Magagawa ito sa pamamagitan ng pagpapatuloy sa susunod na gawain.



# *Isaisip*

**Gawain 6: Nalaman Ko Na…**

**Panuto:** Kumpletuhin ang mga pangungusap upang masukat ang iyong napag-aralan ukol sa paksa. Gawin ito sa hiwalay na papel.

1. Ang migrasyon ay tumutukoy sa __________________________________________________________.

2. Maraming mga Pilipino ang nangingibang-bansa dahil sa iba’t ibang kadahilanan. Isa marahil sa pinakamabigat na dahilan ay ang __________________________________________________________.

3. Ang isa pang dahilan ng migrasyon ay __________________________________________________________.

4. Isa sa mga mabubuting epekto ng migrasyon ay __________________________________________________________.

5. Isa sa mga di-mabubuting epekto ng migrasyon ay __________________________________________________________.



Opssss… huminga nang malalim! Kaya pa ba?! Alam kong kayang kaya mo pa. Ilang hakbang na lang, matatapos na tayo! Paghusayan mo pa!



# *Isagawa*

Ngayong lubos na ang iyong kaalaman ukol sa mga dahilan at epekto ng migrasyon, sa bahaging ito ng aralin ay iyong isasagawa ang pagsagot sa Pangunahing Tanong.

**Gawain 7: Tayong Dalawa**

**Panuto:** Matapos mong malaman ang mahahalagang konsepto tungkol sa aralin, gawin ang *map of conceptual change*. Kumuha ng isang kapareha (maaaring kapatid o magulang at sagutan ang gawain kasama siya. Isulat ang mga sagot sa hiwalay na papel.

<table>
<tr><td rowspan="2">PangunahingTanong sa Aralin:<br>Ano ang pangunahing dahilan na mag-uudyok sa iyo na iwan ang Pilipinas at tumungo sa ibang bansa?</td><td>Aking Kasagutan (Sagot ng Mag-aaral)</td><td>Kapareha (Sagot ng Kapareha)</td></tr>
<tr><td colspan="2">Pinagsamang Ideya<br>(Sagot ng Magkapareha)</td></tr>
<tr><td colspan="3">(Sa bahaging ito, isusulat ng magkapareha ang kanilang bagong kasagutan)</td></tr>
<tr><td colspan="3">(Sa bahaging ito, isusulat ng magkapareha ang kanilang pinal na sagot)</td></tr>
</table>



Binabati kita! Napakahusay mong naisagawa at nagampanan ang mga gawain sa modyul na ito. Palakpakan mo ang iyong sarili.



# *Tayahin*

**Gawain 8: Panghuling Pagtataya**

**Panuto:** Pagkatapos gawin at sagutan ang mga naunang bahagi ng modyul, sagutan mo naman ang Panghuling Pagtataya (*Post-test*). Ito ay gagawin upang masukat ang iyong natutunan ukol sa konsepto ng migrasyon. Isulat ang titik ng napiling sagot sa isang hiwalay na papel.

1. Ano ang migrasyon?
   A. Tumutukoy sa proseso ng pag-alis o paglipat mula sa isang lugar.
   B. Tumutukoy sa proseso ng pag-alis o paglipat dahil sa kaguluhan ng mga mamamayan.
   C. Tumutukoy sa proseso ng pag-alis o paglipat dulot ng mga hindi inaasahang pangyayari sa lugar na pinagmulan.
   D. Tumutukoy sa proseso ng pag-alis o paglipat mula sa isang lugar o teritoryong politikal patungo sa isang lugar pansamantala man o permanente.

2. Sino ang binansagang "*economic migrants*"?
   A. Iyong mga naiwang miyembro ng pamilya ng mga *OFWs*.
   B. Iyong mga tumakas mula sa kanilang bansa dahil sa matinding karahasan o di kaya ay kaguluhan.
   C. Iyong mga naghahanap ng mas magandang pagkakataon upang mapaunlad ang kanilang kabuhayan.
   D. Iyong mga eksperto na mas piniling mangibang-bansa dahil sa kawalan ng oportunidad sa bansang pinagmulan.

3. Ano ang *brain drain*?
   A. Ang patuloy na pagtaas ng presyo ng mga bilihin.
   B. Ang pandemya na kumitil sa buhay ng libu-libong tao sa buong mundo.
   C. Ang pagpunta sa ibang bansa at pagkaubos ng mga manggagawang Pilipino.
   D. Ang kawalan ng pag-asa sa buhay ng mga naiwan ng mga nasawi sa COVID-19.

4. Ano ang kahulugan ng *househusband*?
   A. Ang *househusband* ay ang mag-asawang parehong nagtatrabaho para sa pamilya.
   B. Ang *househusband* ay ang pagtutol ng mga anak na magtrabaho ang sinuman sa kanilang mga magulang.
   C. Ang *househusband* ay ang asawang babae na naiiwan sa bahay habang ang asawa namang lalaki ay siyang nagtatrabaho.
   D. Ang *househusband* ay ang asawang lalaki na naiiwan sa bahay habang ang asawa namang babae ay siyang nagtatrabaho.

5. Alin sa mga sumusunod na kalagayan ang di-mabuting epekto ng migrasyon sa mga papaunlad na bansa gaya ng Pilipinas?
   A. *Brain Drain*
   B. *Economic Migration*
   C. *Integration*
   D. *Multiculturalism*

6. Alin sa mga sumusunod ang nagpapakita ng pang-aabuso sa mga babaeng manggagawa sa ibang bansa?
   A. Ang mga kababaihang migrante ang kadalasang biktima ng *human trafficking*.
   B. Ang ilang kababaihang migrante ay nalalantad sa karahasang sekswal (*sexual violence*).
   C. Karamihan sa mga kababaihang migrante ay napipilitang magtiis sa mga trabahong mababa ang sahod.
   D. Lahat ng mga nabanggit.

7. Alin sa mga sumusunod ang nakikitang dahilan kung bakit umaalis ng lugar ang ilan nating kababayang manggagawa?
   A. Higit na mataas na pasahod na alok ng mga mauunlad na bansa.
   B. Mas maraming trabaho ang naghihintay sa mga mauunlad na bansa.
   C. A lamang
   D. B lamang
   E. Pareng A at B

8. Kailan nagaganap ang *migration transition*?
   A. Nagaganap kapag nagkaroon ng hindi pagkakaunawaan ang manggagawa at ang kanyang amo dahil sa hindi tamang pasahod.
   B. Nagaganap kapag mas marami ang umaalis na Overseas Filipino Workers (OFWs) kaysa sa dumarating o umuuwi dito sa Pilipinas.
   C. Nagaganap kapag nawawala na ang pagkamamamayan ng isang manggagawa dahil sa pagkawalang-bisa nito dahil sa haba ng paninirahan sa bansang pinuntahan.
   D. Nagaganap kapag ang nakasanayang bansang pinagmumulan ng mga nandarayuhan ay nagiging destinasyon na rin ng mga manggagawa at *refugees* mula sa iba't ibang bansa.

9. Alin sa mga sumusunod ang implikasyon ng peminisasyon ng migrasyon?
   A. Nagkakaroon ng konseptong "*house husband*" kapag ang ina ang nangibang-bansa.
   B. Kapag ang lalaki ang nangibang-bansa, ang asawang babae ang mas higit na umaako ng lahat ng gawaing pantahanan.
   C. Maraming bansa ang nagpanukala na mabigyan ng proteksyon ang mga kababaihan na imigrante lalo na sa kondisyon ng bansa na nais nilang puntahan.
   D. Lahat ng mga nabanggit.

10. Alin sa mga sumusunod ang kailangang gawin ng pamahalaan upang hindi magdagsaan ang mga tao sa mga lungsod gaya ng Kalakhang Maynila?
   A. Hikayatin ang mga manggagawa na mangibang-bansa.
   B. Paunlarin ang mga lalawigan at mag-alok ng trabaho para sa mga taga-roon.
   C. Isabatas ang pagbabawal sa mga taga-probinsiya na magtrabaho sa Maynila.
   D. Itaguyod and diskriminasyon sa mga taga-probinsiya na pumupunta sa Maynila.

11. Basahin at suriin ang mga pangungusap sa ibaba.
   I. Maraming mag-aaral na mga *Vietnamese* at *Korean* ang nagpupunta sa Pilipinas.
   II. Sa paglago ng *Business Process Outsourcing* (BPO) sa bansa, kaalinsabay nito ang pagdating ng mga Indian bilang *managers* ng mga industriyang nabanggit.
   Ano ang pangkalahatang obserbasyon sa migrasyon ang inilalarawan dito?
      A. *Migration transition*
      B. Globalisasyon ng migrasyon
      C. Peminisasyon ng globalisasyon
      D. Mabilisang paglaki ng globalisasyon

12. Paano nagsimula ang migrasyon sa kulturang Pilipino?
   A. Ang migrasyon sa kulturang Pilipino ay nagsimula sa pagdating ng mga dayuhan sa ating bansa.
   B. Ang migrasyon sa kulturang Pilipino ay nagsimula sa pagdami ng mga *Overseas Filipino Workers* (*OFWs*).
   C. Ang migrasyon sa kulturang Pilipino ay nagsimula sa paglipat o pagdayo ng mga mamamayang taga-baryo patungong lungsod.
   D. Ang migrasyon sa kulturang Pilipino ay nagsimula sa mga batas na ginawa upang mapagtibay ang ugnayang-panlabas ng bansa.

13. Alin sa mga sumusunod ang nagpalala sa kawalan ng trabaho na maaaring humantong sa krisis pang-ekonomiya sa kasalukuyan?
   A. Hindi pagkakaunawaan ng Tsina at Estados Unidos.
   B. Pag-aagawan ng mga teritoryo sa West Philippine Sea.
   C. Paglaganap ng *Corona Virus Infectious Disease* (COVID-19).
   D. Paglaganap ng sistemang kapitalismo sa maraming bansa sa mundo.

14. Alin sa mga sumusunod ang hindi dahilan ng pangingibang-bansa ng mga Pilipino?
   A. Kawalan ng oportunidad sa Pilipinas.
   B. Maki-uso sa mga kakilalang nangibang-bansa.
   C. Manirahan kasama ang mga mahal sa buhay sa ibang bansa.
   D. Mas magandang trabaho at mas mataas na sahod sa ibang bansa.

15. Lahat ng sumusunod ay nagpapatunay na ang ating mga OFW ay maituturing na mga bagong bayani maliban sa isa. Alin dito ang hindi kabilang sa pangkat?
   A. Dahil sa mga naipundar na ari-arian para sa kanilang mga pamilya.
   B. Dahil sa kanilang lakas ng loob na magtrabaho at mangibang-bansa.
   C. Dahil sa *remittances* nila sa Pilipinas na nakatutulong sa ating ekonomiya.
   D. Dahil sa inspirasyong ibinibigay nila sa kanilang mga kababayan dito sa Pilipinas.



# Karagdagang Gawain

**Gawain 9: Bayani sa Amin!**

**Panuto:** Bilang karagdagang gawain at upang higit na masukat ang iyong kaalaman ukol sa migrasyon, ikaw ay kakapanayam ng kamag-anak ng isang Overseas Filipino Worker (OFW) na nakatira malapit sa inyong lugar. Kung maaari, kunan ng *video* ang gagawing panayam. Kung hindi, isulat na lamang ang gagawing panayam sa isang buong papel.


**Paalaala:** Bibigyan ng karagdagang 5 puntos kapag nai-*video* ang panayam.

**Rubric sa Pakikipanayam (*Interview*)**

| Pamantayan | Katangi-tangi 4 | Mahusay 3 | Katamtaman 2 | Kailangan Pa ng Pagsasanay 1 |
|---|---|---|---|---|
| **Nilalaman** | Malikhain, tiyak, detalyado at maayos ang mga detalyeng kaugnay ng paksa. | Malinaw at maayos ang mga detalyeng kaugnay sa paksa. | Gumamit ng mga detalyeng kaugnay ng paksa. | May mga pagkakamali ang mga detalyeng kaugnay ng paksa. |
| **Pagtatanong** | Malinaw, wasto at iba't iiba ang mga tanong. | Maayos at sistematiko ang mga ibinigay na tanong. | Gumamit ng kaugnay na detalye sa pagtatanong. | May mga pagkakamali at malabo ang mga tanong. |
| **Detalye** | Maliwanag at nilinang na mabuti ang mga detalye. | Karaniwang tiyak ang mga detalye ngunit may isa o dalawang mali. | Hindi maayos ang pagkakasunud-sunod ng mga detalye. | Maraming mali sa mga detalye. |
| **Paglalahad** | Kawili-wili, maayos at maliwanag ang paglalahad. | Epektibo ang paglalahad. | May kaayusan at maliwanag ang paglalahad. | Walang kaayusan; hindi maliwanag ang paglalahad. |
| **Kaisahan** | Lahat ng mga tanong ay naaayon sa paksa. | May isa o dalawang tanong na hindi naaayon sa paksa. | Halos lahat ng mga tanong ay hindi naaayon sa paksa. | Karamihan sa mga tanong ay hindi naaayon sa paksa. |



Binabati kita! Napakahusay mong naisagawa ang lahat ng mga gawain sa modyul na ito! Ngayon ay may sapat ka nang kaalaman at pag-unawa tungkol sa mga dahilan at epekto ng migrasyon. Ito ay makatutulong sa iyo hindi lamang bilang isang mag-aaral, bagkus ay bilang isang mabuting mamamayan ng bansa at mundo.



# Susi sa Pagwawasto:

| Tayahin | Subukin |
|---|---|
| 1. D | 1. D |
| 2. C | 2. D |
| 3. C | 3. A |
| 4. D | 4. C |
| 5. A | 5. A |
| 6. D | 6. A |
| 7. E | 7. C |
| 8. D | 8. B |
| 9. D | 9. A |
| 10. B | 10. A |
| 11. B | 11. C |
| 12. C | 12. B |
| 13. C | 13. D |
| 14. B | 14. A |
| 15. A | 15. B |

# Mga Sanggunian:


**Mga Aklat:**

Antonio, Eleanor D. et. al. *Kayamanan: Mga Kontemporaryong Isyu. Batayan at Sanayang Aklat sa Araling Panlipunan*. Quezon City: Rex Printing Company, Inc., 2017.

Department of Education. *Araling Panlipunan Grade 10 Learners Module*, 2017.

Forneste, Gloria Ramos. *Usaping Kontemporaryo at Hamong Panlipunan Batay sa K to 12 Curriculum*. Quezon City: Mind Builders Publishing House, Inc., 2017.

**Website:**

Philippine Statistics Authority. Urban Barangays in the Philippines (Based on 2010 CPH). Retrieved from https://psa.gov.ph/content/urban-barangays-philippines-based-2010-cph on May 25, 2020.

Hapal, Don Kevin. Which Countires Pay OFWs the Highest? Retrieved from https://www.rappler.com/move-ph/balikbayan/153366-overseas-salary-report-2016 on May 25, 2020.

Philippine Statistics Authority. 2016 Household Survey on Domestic Visitors. Retrieved from https://psa.gov.ph/system/files/kmcd/HSDV%202016%20Infographics_Final.pdf on June 2, 2020.

**Para sa mga katanungan o puna, sumulat o tumawag sa:**

Department of Education - Bureau of Learning Resources (DepEd-BLR)

Ground Floor, Bonifacio Bldg., DepEd Complex
Meralco Avenue, Pasig City, Philippines 1600

Telefax: (632) 8634-1072; 8634-1054; 8631-4985

Email Address: blr.lrqad@deped.gov.ph * blr.lrpd@deped.gov.ph